Kung ang layunin ng manlalaro ay makamit ang pinakakaaya-ayang katapusan, magkakaroon ng pangangasiwa ng damdamin para rito. Sa loob ng larong *Golden Hour*, tulad ng sinabi ni Shira Chess (90), mayroong pabuya ang mahusay na pangangasiwa ng damdamin. Nagkaroon ng pagpihit mula sa pribadong pangangasiwa ng mga damdamin, bagay na tinitingnan bilang isang pribadong penomeon, tungong komersyal na gamit. Malawak ang saklaw ng ganitong klase ng laro.

Dagdag, usapin ito hindi lamang ng pagtatanghal ng damdamin, kundi ng paglalaan para sa laro. Ayon kay Jesper Juul, mayroong anim na katangian ang laro: ang mga batas, ang mga baryante at kantitatibong kalalabasan, ang pagpapaigting ng kalalabasan, ang pagsusumikap ng manlalaro, ang ugnayan ng manlalaro sa kalalabasan, at ang mapagkakasunduang kahihinatnan o *negotiated consequences*. Ayon kay Juul, maaaring may itaya sa tunay na buhay ang manlalaro. Sa kaso ng *Golden Hour*, naglalaan ng interbensyon ng damdamin at ng oras ang manlalaro. Mayroong interbensyon ng damdamin upang makuha ang loob ng birtuwal na lalake sa laro. Gayundin, matagal nang usapin at madalas ikinakawing bilang “gawain ng babae” ang paglalaan ng oras bilang rekursu sa paglalaro (Anable 3). May nosyon ang lipunan na abala at walang oras ang isang babae—abala ito sa pangangasiwa ng kanyang trabaho at tahanan kung kaya mayroon lamang siyang maliliit na siwang ng bakanteng oras at mula rito ay pangangasiwaan rin niya ang mga bakanteng oras sa paglalaro (Chess 61). Dahil maaaring itigil ang larong *Golden Hour* sa anumang punto ng laro, maaari itong balikan ng manlalaro sa kanyang bakanteng oras. Naglalaan ng oras ang manlalaro upang galugarin at tahakin ang lahat ng posibilidad upang maabot ang *Golden Ending* at ang iba pang kahihinatnan, maganda man o hindi, ng kuwento sa loob ng laro.

Ang Direksyon ng mga Otoge sa Mobile Phone

Nagkakaroon ng pangangasiwa ng damdamin sa larong *Golden Hour* dahil kailangang pangasiwaan ng manlalaro ang kanyang emosyon sa mga sitwasyong kinabibilangan ni Delos Santos. Mayroong pangangasiwa ng damdamin sa proseso ng interbensyon, lalo na kung hindi tugma ang nararamdaman ng manlalaro sa dapat na piliing sagot o aksyon ng protagonista. Isinasaalang-alang sa interbensyon na ito ang damdamin at epekto ng pinili sa birtuwal na kalalakihang nais magkaroon ng romantikong relasyon sa manlalaro. Maliban pa rito, malaki ang naitutulong ng mayamang karanasang emosyonal sa interbensyon na ito dahil ito ang pinaghuhugutan ng isang tao ng paraan ng pangangasiwa batay sa mga karanasan nito. Panghuli, isinasaalang-alang ng interbensyon ang damdamin ng mga birtuwal na kalalakihan dahil nakasalalay rito kung makakamit ng manlalaro ang kadalasang layunin sa isang otoge: matunghayan ang lahat ng katapusang posible sa laro, kasama ang kaaya-ayang katapusan. Malaki rin ang

papel ng institusyong lumilikha rito upang magkaroon ng pangangasiwa ng damdamin at sa laro, ang sistema ng laro na pagpili ng pinakaangkop na sagot ang magiging daan para makuha ang pabuyang pinakakaaya-ayang katapusan.

Nakapagpakita rin ng malinaw na sistema ang larong *Golden Hour* upang mangasiwa ng damdamin ang isang manlalaro nito at hindi ito naiiba sa modelo ng iba pang mga otoge na sinuri gamit ang paggawang emosyonal ni Hochschild. Gayunpaman, mayroong malaking pagkakaiba ang *Golden Hour* sa iba pang larong otome na nasa modelong freemium ng mga smartphone. Sa iba pang mga pamagat na maaaring malaro sa ganitong modelo sa smartphone³, hindi lamang damdamin at oras ang kinakailangang pangasiwaan ng isang manlalaro, kundi maging salapi. Upang maabot ang ruok na layunin sa ibang mga pamagat na larong otoge, kinakailangang maglaan ng manlalaro ng oras para rito (hal. ang usad ng oras sa loob ng laro ay pareho sa totoong buhay) at ng salapi (hal. pagbili ng mga gamit o kakayahan para magkaroon ng lamang ang manlalaro sa loob ng laro). Tulad ng mga naunang pag-aaral sa mga otoge gamit ang pangangasiwa ng damdamin, makikita rito ang layunin ng mga laro sa ganitong kategorya bilang isang salik para magkaroon ng maláy na interbensyon ang isang manlalaro. Dahil sa kagustuhan na makumpleto ang lahat ng katapusan o hindi kaya ay makamit ang pinkakaaya-ayang katapusan, nagkakaroon ng internal at malay na interbensyon ang manlalaro sa kanyang damdamin sa mga konteksto ng laro.

Bagaman itinuturing na larong espesyalisado ang otoge, hindi maikakaila ang malaking bilang ng mga manlalaro nito. Kung sa una ay partikular ito para sa mga babaeng manlalaro sa Japan, binubuo na ito ngayon ng mga kababaihang manlalaro mula sa iba-ibang panig ng daigdig. Dumarami na rin ang mga otoge sa Google Play dahil sa pagiging aksesible ng smart phone, at isa na rito ang larong *Golden Hour* na likha ng Matcha Studio na binubuo ng mga Pilipinong developer. Lumaon, lumawak ang merkado ng mga developer ng otoge dahil sa pag-unlad ng teknolohiya sa kabila ng taguri rito bilang isang larong niche. Ngayon dahil sa modernisasyon ng telekomunikasyon, naging aksesible ang mga laro na dati-rati ay limitado sa mga gaming console. Ayon kay Martha Jean Sanchez, gumagamit ng mobile phone para magkaroon ng akses sa internet ang 70.7 milyong Pilipino. Naging susi ng malaking bilang ng populasyon bilang manlalaro ang pagiging aksesible ng mga laro sa pamamagitan ng internet at mga smartphone dahil literal na nasa mga kamay na ng mga tao ang iba-ibang porma ng aliw. Ginawa pang mas aksesible ng mga developer ang mga laro sa pamamagitan ng paglikha ng free-to-play na mga laro o libreng madadownload at malalaro sa freemium na modelong pangnegosyo. Isang modelong pang-negoso ang freemium kung saan libre ang mismong application at ang paggamit ng mga batayang katangian ng mga ito. Malimit, mayroong mga patalastas ang mga ito

sa gitna ng paggamit o hindi kaya maaaring magbayad ang isang gumagamit para magkaroon ng premyum na serbisyo at gumamit ng iba pang mga fityur na wala sa libre.

Kahit libre ang Pinoy otoge na *Golden Hour*, masasabing iba ang kalakaran ng ibang mga libreng otoge dahil pumasok na rin ang mga ito sa kalakarang freemium. Naging daan ang smartphone at ang internet para ilapit ang digital na konsumerismo at entertainment sa mga tao. Kung tutuusin, naglabas ang ilang mga developer ng mga laro sa konsepto ng freemium sa pamamagitan ng mga birtuwal na lagakan ng mga app, tulad ng Google Play at Apple Store. Isa ang mga otoge sa mga uri ng laro na naging aksesible sa smartphone na siyang makikita sa **Talahanayan 1** na bahagi ng apendiks. Makikita sa talahanayan ang listahan ng mga libreng otoge na nasa Google Play para sa taong 2021. Gumamit ang mananaliksik ng mga susing salita na ‘otome’ at ‘game’ para hanapin ang mga ito, at itinala na rin ang iba pang mga otogeng wala sa resulta ng search engine ngunit likha rin ng mga developer na lumabas sa pagtatala. Pinapakita sa talahanayan ang napakaraming titulo ng mga otoge na libreng malalaro sa Google Play, patunay na malaki ang bilang ng mga naglalaro ng otoge. , Kapansin-pansin rin na marami sa mga pamagat na ito ang mayroong malalaking bilang ng download. Nakapakete ang mga ito bilang libre ang mga laro nguni, mayroong kaakibat na mga patalastas o hindi kaya ay mga in-app purchases o maliliit na transaksyon (mikrotransaksyon) sa loob ng laro. Ipinaliwanag ni David Nieborg (2-3) na kumikita ang mga platform holder tulad ng Google, Facebook, Apple, at Amazon bilang tagapamagitan sa mga mamimili (sa kasong ito, ang mga manlalaro), mga supplier (mga developer), at mga “complementor”. Kumikita ang mga platform holder na ito sa pamamagitan ng pagkakaltas mula sa developer ng bayad para sa distribusyon ng aplikasyon o laro at mga subsidiya tulad ng mga patalastas at mga opsyonal na mikrotransaksyon (Nieborg, 2). Gayundin, gumagamit ang mga kumpanyang developer ng laro ng mahusay na kasanayan sa mababang halaga ng paggawa. Ibinigay na halimbawa ang developer ng Candy Crush na bumubuo ng isang pangkat ng tatlong developer para lumikha ng isang laro sa loob lamang ng dalawampung linggo (Nieborg, 6). Dahil rin sa mga platform holder, namamataan na rin sa ibang lupalop ng mundo ang otoge, at ang mga elemento nito, na dati rati ay nakakulong lamang sa merkadong Hapon.

Para sa isang larong itinuturing na espesyalisado, marami pang puwang na maaaring galugarin pampananaliksik para sa paksang otoge. Ilan sa mga halimbawa ng mga puwang na ito ang pagsasagawa pa ng mga pananaliksik na tutuon sa aspektong *affect* lalo na at ikinakawing ang mga sistemang apektibo bilang gawaing pambabae at isa sa mga itinuturing na pundasyon ng pananaig ng industriyang otome ang paglikha ng

affect sa loob ng laro. Ayon kay Andlauer, mayroon ang mga otoge ng “desired *jousissance*” na tumatagos mula sa loob ng laro patungong praktika ng isang manlalaro-fan sa tunay na buhay (173). Gayundin, isa pang puwang sa pananaliksik ng paksang otoge ang umuusbong na praktika ng mga Pilipinong manlalaro nito bagaman malalim ang pinag-ugatan ng industriya sa Hapon.

Sanggunian:

- Anable, A. (2013). Casual Games, Time Management, and the Work of Affect. *Ada: A Journal of Gender, New Media, and Technology*(2).
<https://scholarsbank.uoregon.edu/xmlui/handle/1794/26293>.
- Aksys Games. “About Aksys Games.” <https://aksysgames.com/aboutus/> Inakses 18 Hunyo 2022.
- Andlauer, L. (2018). Pursuing One’s Own Prince: Love’s Fantasy in Otome Game Contents and Fan Practice. *Mechademia: Second Arc*, 11(1), 166.
<https://doi.org/10.5749/mech.11.1.0166>.
- Chess, S. (2017). *Ready Player Two: Women Gamers and Designed Identity*. Minnesota, University of Minnesota Press.
- Conde, T. 16 iconic anime series that Filipino millennials grew up watching. *Tripzilla*. 17 Marso 2021.
<https://www.tripzilla.ph/iconic-anime-series-for-filipino-millennials/25704/> Inakses 02 Hunyo 2022.
- Cosmos, A. M. (2018). Sadistic Lovers: Exploring Taboos in Otome Games. *Digital Love: Romance and Sexuality in Video Games*, pinatnugutan ni Heidi McDonald, CRC Press, pp 245-251.
- Dun & Bradstreet. “Aksys Games Localization, Inc.”
https://www.dnb.com/business-directory/company-profiles/aksys_games_localization_inc.522aa63522d501d94ba078c7399729b4.html Inakses 18 Hunyo 2022.

- Famitsu. (2019). “17年ぶりに新作『アンジェリーク』制作決定。第三の宇宙を舞台に新たなイラストレーター・キャストで展開” *Famitsu*.
<https://www.famitsu.com/news/201909/14183287.html>. Inakses 15 Sep. 2021.
- Ganzon, S. C.. Growing the Otome Game Market: Fan Labor and Otome Game Communities Online. *Human Technology*, 15(3),347-366. *ResearchGate*.
[10.17011/ht/urn.201911265024](https://doi.org/10.17011/ht/urn.201911265024)
- _____. (2018). Investing time for your in-game boyfriends and BFFS: Time as commodity and the simulation of emotional labor in Mystic Messenger. *Games and Culture*, 14(2), 139-153. *SAGE Journals*.
<https://doi.org/10.1177/1555412018793068>.
- _____. (2018). Making Love Not War: Female Power and Emotional Labor of Peace in Code: Realize – The Guardian of Rebirth and Princess Arthur. *Digital Love: Romance and Sexuality in Video Games*, pinatnugutan ni Heidi McDonald, CRC Press, pp 37-58.
- _____. (2018). ‘Sweet Solutions for Female Gamers’: Cheritz, Korean Otome Games, and Global Otome Game Players. *Digital Love: Romance and Sexuality in Video Games*, pinatnugutan ni Heidi McDonald, CRC Press, 225-244.
- Hochschild, A. R. (1983). *The Managed Heart: Commercialization of Human Feeling*. California, University of California Press.
- Juul, J.(2003). The Game, the Player, the World: Looking for a Heart of Gameness. *Level Up: Digital Games Research Conference Proceedings*, pinatnugutan ni Marinka copier at Joost Raessens, Utrecht University, pp 30-45.
<https://www.jesperjuul.net/text/gameplayerworld/>
- Kim H. (2009). Women’s Games in Japan: Gendered Identity and Narrative Construction. *Theory, Culture & Society*, 26(2-3), 165-188.
- Kolke, M., Steve L., Sarah C. E. Stanton & Midori B. What Factors Attract People to Play Romantic Video Games. *PloS ONE*, 15(4). 2020.
<https://doi.org/10.1371/journal.pone.0231535>. Inakses 9 Set. 2021.

- Lim, C. I. A..(2017). Women's Games in the Japanese Market: a Look at Gender and Contemporary Social Trends. *Osaka University Knowledge Archive*, <https://ir.library.osaka-u.ac.jp/repo/ouka/all/60355/28-10-%E4%BA%BA-clara.pdf>. Inakses 13 Set. 2021.
- Lopez, C. (2019). *Otome Games: Narrative, Gender and Globalization* [Tesis, Duke University].. Duke University. Duke Space. <https://dukespace.lib.duke.edu/dspace/handle/10161/19016>
- Sanchez, M. J. (2020). Mobile Phone Internet Users Philippines 2017-2025. *Statista*<https://www.statista.com/statistics/558756/number-of-mobile-internet-use-r-in-the-philippines/>. Inakses 16 Abr. 2021.
- Matchaa Studio. (2019). Golden Hour – A Mobile Otome Visual Novel. *Kickstarter*<https://www.kickstarter.com/projects/1719276654/golden-hour-a-mobile-otome-visual-novel>. Inakses 31 Hul. 2021.
- _____. "Golden Hour Otome Romance." *Google Play*, 5 Feb. 2021. <https://play.google.com/store/apps/details?id=com.MatchaaStudio.GoldenHour>. Inakses 18 Hun. 2022.
- _____. "Golden Hour Otome Romance Press Kit." *Matchaa Studio*, <https://www.matchaastudio.com/presskit#history>. Inakses 31 Hul. 2021.
- _____. "Live on Kickstarter." *Facebook*, 19 May 2018, 7:41 p.m., <https://www.facebook.com/matchaa.studio>. Inakses 31 Hul. 2021.
- _____. "Sneak Peek of the Physical Rewards Pack." *Facebook*, 26 May 2018, 8:48 p.m., <https://www.facebook.com/matchaa.studio>. Inakses 31 Hul. 2021.
- _____. "100% Funding on Kickstarter." *Facebook*, 2 June 2018, 12:27 p.m., <https://www.facebook.com/matchaa.studio>. Inakses 31 Hul. 2021.
- _____. Beta Demo for Golden Hour. *Facebook*, 8 Oct. 2018, 10:44 p.m., <https://www.facebook.com/matchaa.studio>. Inakses 31 Hul. 2021.

- Nieborg, David B. (2015). Crushing Candy: The Free-to-Play Game in Its Connective Commodity Form. *Social Media + Society*, 1(2), 1-12.
- Sainsbury, Matt. (2021). You think otome games are niche? Well, the Japanese stock market doesn't agree. *Digitally Downloaded*, 1. <https://www.digitallydownloaded.net/2021/03/you-think-otome-games-are-niche-well.html?m=0>. Inakses 17 May 2022.
- Saito, Kumiko. (2021). From Novels to Video Games: Romantic Love and Narrative Form in Japanese Visual Novels and Romance Adventure Games. *Arts*, 10(42), 1-18.
- Tailor Tales. (2018). An In Depth Look at What Otome Players Want." *Tailor Tales*, <https://tailortales.wordpress.com/2018/12/03/an-in-depth-look-at-what-otome-players-want/>. Inakses 15 Set. 2021.
- Taylor, Emily. (2007). Dating-simulation games: leisure and gaming of Japanese youth culture." *The Free Library*, [https://www.thefreelibrary.com/Dating-simulation games: leisure and gaming of Japanese youth culture.-a0172514688](https://www.thefreelibrary.com/Dating-simulation+games:+leisure+and+gaming+of+Japanese+youth+culture.-a0172514688) Inakses 13 Set. 2021

Apendiks

Talahanayan 1. Estima ng bilang ng download kada otoge noong Agosto 2021					
Pangalan ng laro	Developer o kumpanya	Bilang ng download	Pangalan ng laro	Developer o kumpanya	Bilang ng download
My Candy Love - Episode / Otome Game	Beemoov Games	10,000,000	Serendipity Next Door	Voltage	100,000
Mystic Messenger	Cheritz	5,000,000	Liar! Uncover the Truth	Voltage	100,000
Love Tangle / Shall We Date?	NTT Solmare Corp.	5,000,000	Dreamy Days in West Tokyo	Voltage	100,000
Texting Love Story: ChatLinx	Webelinx Games	5,000,000	Enchanted in the Moonlight	Voltage	100,000
Tears of Themis	miHoYo Limited	1,000,000	Butler Until Midnight	Voltage	100,000
Obey Me! Anime Otome Dating Sim / Dating Ikemen	NTT Solmare Corp.	1,000,000	Class Trip Crush	Voltage	100,000
Ikemen Sengoku Otome Anime Game	Cybird	1,000,000	True Love Sweet Lies	Voltage	100,000
Love Triangle - Free Otome Game	Hanabi Media	1,000,000	Be My Princess	Voltage	100,000
First Love Story [Otome. oi. Yuri] Otaku Dating Sim	favary	1,000,000	My Last First Kiss	Voltage	100,000
Memories - Interactive Otome Stories	Agate Games	1,000,000	Seduced in the Sleepless City	Voltage	100,000

Moonlight Lovers: Vladimir - Otome Game / Vampire	Beemoov Games	1,000,000	Love Letter from Thief X	Voltage	100,000
Nocturne of Nightmares: Romance Otome Game	Genius, Inc.	1,000,000	My Wedding and 7 Rings	Voltage	100,000
Shall We Date: Wizardess Heart+	NTT Solmare Corp.	1,000,000	Finally, In Love Again	Voltage	100,000
Shall We Date?: Blood in Rose+	NTT Solmare Corp.	1,000,000	My Sweet Bodyguard	Voltage	100,000
Destiny Ninja	Cybird	1,000,000	First Love Diaries	Voltage	100,000
Lost Alice in Wonderland: Shall We Date?	NTT Solmare Corp.	1,000,000	In Your Arms Tonight	Voltage	100,000
Guard Me, Sherlock! / Shall We Date?	NTT Solmare Corp.	1,000,000	Be My Princess 2	Voltage	100,000
Dangerous Fellows: Your Thriller Otome Game	Tilting Point	500,000	Pirates in Love	Voltage	100,000
A3! Otome Anime Game	Cybird	500,000	Kiss Me on Clover Hill	Voltage	100,000
Nightmare Harem: Free Otome Games English	Ciagram Co., Ltd	500,000	A Knight's Devotion	Voltage	100,000
Ikemen Vampire Otome Games	Cybird	500,000	Be My Princess: Party	Voltage	100,000
LoveUnholyc: Real Time Dark Fantasy Otome Romance	Prettybusy	500,000	Samurai Love Ballad: Party	Voltage	100,000

Otome Game: Love Mystery Story	Hanabi Media	500,000	Office Secrets	Voltage	100,000
Ayakashi: Romance Reborn - Supernatural Otome Game	Voltage	500,000	Sleepless Cinderella: Party	Voltage	100,000
Jimi-Kare: My Quiet Boyfriend	SEEC Inc.	500,000	Seduce Me the Otome	Michaela Laws	50,000
Twilight Blood: Romance Otome Game	Genius, Inc.	500,000	My Young Boyfriend: Otome Romance Love Story Games	INTEREST LLC.	50,000
My Forged Wedding: PARTY	Voltage	500,000	Pirates / Romantic Visual Novel	NTT Solmare Corp.	50,000
Romantic HOLIC!: dream walker Visual Novel Otome	Buff Studio (Story Games, Calm Games)	100,000	Scarlet Fate	NTT Solmare Corp.	50,000
Lovely Hero - Otome Game	Visuki	100,000	Lost Island	NTT Solmare Corp.	50,000
Amnesia: Memories	Idea Factory Co.,Ltd	100,000	Arabian Dreams / Romantic Visual Novel	NTT Solmare Corp.	50,000
Feral Hearts: Otome Romance Game	Genius, Inc.	100,000	Otome Romance Novels	Cybird	50,000
Psycho Boyfriend - Otome Game Dating Sim	Bookpalco mics	100,000	Irresistible Mistakes	Voltage	50,000
Wicked Wolves	arithmetic love series	100,000	Dangerous Seduction	Voltage	50,000

The Princes of the Night: Romance Otome Games	Ciagram Co., Ltd	100,000	Era of Samurai: Code of Love	Voltage	50,000
False Vows, True Love: Otome Games Otaku Dating Sim	favary	100,000	Her Love in the Force	Voltage	50,000
Dateless Love: Otome games english free dating sim	Ciagram Co., Ltd	100,000	Quest of Lost Memories: Otome Romance Game	Genius, Inc.	10,000
Mayday Memory: CHOICE SF Otome	StoryTaco.inc	100,000	Devil's Proposal: Dark Romance Otome Story Game	StudioLumiere	10,000
Otome Chat Connection - Chat App Dating Simulation	SEEC Inc.	100,000	Snowkissed Romance - Otome Dating Sim	LovelyInc LLC	10,000
Story Jar - Otome dating game	NTT Solmare Corp.	100,000	My Puppy Finace Otome Visual Game - English	SEEC Inc.	10,000
Only Girl in High School ?! - Otome Dating Sim	Bookpalcomics	100,000	First Page of Love Otome Dating Sim Otome Game	whomore Inc.	10,000
Havenless - Your Choice Otome Thriller Game	StoryTaco.inc	100,000	Golden Hour Otome Romance (Beta)	Matchaa Studio	10,000

Ikemen Revolution: Otome Game	Cybird	100,000	Story Me: Otome Interactive Episode by Your Choice	whomore Inc.	10,000
My Bewitching Perfume: Visual novel games English	Ciagram Co., Ltd	100,000	Ninja Love	NTT Solmare Corp.	10,000
Lady and Maid - Visual Novel for Women	레드 피치 Red Peach	100,000	Eternal Vows / Romantic Visual Novel	NTT Solmare Corp.	10,000
Outlander - Fantastic Princess	CatCap Studio	100,000	My Sweet Prince	NTT Solmare Corp.	10,000
Ninja Shadow / Shall We Date?	NTT Solmare Corp.	100,000	Sengoku Darling / Shall We Date?	NTT Solmare Corp.	10,000
Lost Island+	NTT Solmare Corp.	100,000	Seasons of Love	NTT Solmare Corp.	10,000
Destined to Love: Otome Game	Cybird	100,000	Pirates in Love: Captain's Cut	Voltage	10,000
After School Affairs	Voltage	100,000	My Love for You is Evermore - Otome Dating Sim	LovelyInc LLC	5,000
Star-crossed Myth	Voltage	100,000	Let's Snuggle! AR	Voltage	5,000
10 Days with My Devil	Voltage	100,000	Ninja Love / Education	NTT Solmare Corp.	1,000
Sweet Café by Voltage	Voltage	100,000	My Sweet Prince / Education	NTT Solmare Corp.	1,000
Scandal in the Spotlight	Voltage	100,000			

TUNGKOL SA MGA AWTOR

Si **Mariyel Hiyas Concha Liwanag** ay kasalukuyang Katuwang na Propesor sa Departamento ng Humanidades ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Kasalukuyan siyang mag-aaral ng PhD Araling Filipino – Wika, Kultura, Midya sa Pamantasang De La Salle Manila. Nakatuon ang kanyang mga pananaliksik sa wika, edukasyon at video games.

Si **Dr. Rowell D. Madula** ay Propesor sa Pamantasang De La Salle-Manila. Nagtapos siya ng kursong BS Management Major in Legal Management sa Ateneo de Manila University, MA Araling Pilipinas (may mataas na karangalan) at PhD Araling Filipino (ginawaran ng Outstanding Dissertation) sa De La Salle University. Ko-awtor ng mga librong *Ekonomiks sa Filipino* na inilathala ng IBON Foundation at ng librong *To Write is to Choose: Ang Kasaysayan ng College Editors Guild of the Philippines 1931-1972*. Nagturo ng mga kurso sa Wika, Panitikan, at Kasaysayan sa Ateneo, Miriam College at Assumption College. Siya ang kasalukuyang Tagapangulo ng Departamento ng Filipino ng Pamantasang De La Salle at ng Alliance of Concerned Teachers-Private Schools. Siya ang ko-editor ng MALAY, isang internasyunal na journal sa Araling Filipino at pangalawang pangulo ng Board of Trustees ng Asia Pacific Research Network (APRN). Tumanggap din siya ng Gawad Ulirang Guro sa Filipino 2021 mula sa Komisyon sa Wikang Filipino.

Kangkarot (Personal na Sanaysay)

Jason F. Pozon

University of the Philippines Rural High School
jfpozon@up.edu.ph

Pumapasok pa lamang ang bagong milenyo nang naipundar nina Lolo at Lola ang kanilang tatlong dyip. Matingkad na matingkad ang mga pampasaherong dyip noon lalo na sa panahon ni Erap. Nasa ikaapat na baitang ako noong dumating sa aming ang ikatlo at huling dyip nina Lolo at Lola, si Kangkarot.

Hindi ko na matandaan ang dahilan sa likod ng pangalan nito na "Kangkarot". Marahil isa sa mga paliwanag sa pangalan nito ay noong mabili nila si Kangkarot, may malaking sticker ni Bugs Bunny sa tapalodo nito (Bumber) na may hawak na karot, baka iniugnay nila ang dyip sa isang malikot na kunehong karakter na si Bugs Bunny at katunog na rin ng pagkain nito na karot.

Nasa hayskul na rin ako nang malaman ko na ang ibig sabihin ng 'kangkarot' sa wikang Bisaya ay lugi o hindi makabayad ng utang. Naisip ko na marahil bagay na rin ang pangalan ng dyip namin dahil kabi-kabila rin ang pagkakautang nina Lolo at Lola dahil sa pagpapaaral sa akin at pagsuporta sa iba ko pang apat na mga kapatid. Minsan, patong-patong na nga ang panghihiram kapag may nasasabay na nasisirang dyip si Lolo, hindi na sigurado kung may babaunin pa sa eskwela.

Anuman ang dahilan nila sa pagpapangalan, hindi ko na naitanong pa kina Lolo. Hindi na rin naman ako nabigyan ng pagkakataon, hindi na rin pumasok sa isip ko na mag-usisa. Basta ang alam ko, hindi lang tao ang maaaring pangalanan.

Katamtaman ang haba ni Kangkarot, siguro mga walo hanggang siyam na katao ang magkakasya sa upuan sa magkabilang-gilid. Walang kurtinang ipinagawa para kay Kangkarot pero maraming paskil ang nakasabit sa loob tulad ng "God knows Judas

does not pay!” at “How’s my driving?” na mandato ng LTFRB na nakalagay sa loob ng mga Public Utility Jeeps.

Biyernes ang araw ng koding ni Kangkarot na may huling numero na '0' sa plaka. May isang araw talaga na tinatawag na 'koding' na ibig sabihin ay hindi maaaring pumasada o bumiyahe ang isang sasakyan, mapa-pampubliko man o pribado. Ipinapatupad din ito ng gobyerno upang maibsan ang lumalalang problema sa trapik.

Sabi nga ni Lolo, hindi naman talaga nagluluwag ang mga kalsada kahit may iskema na ng koding dahil dumarami ang mga sasakyan ngunit hindi naman napauunlad ang mga daan at ruta.

Maituturing na ang biyahe ni Kangkarot mula Pasig patungong Cainta sa Rizal ay mga pangunahing kalsadang binabaybay ang mga malalaking pabrika ng tela at mall sa Ortigas. Kung ano naman ang ikinalapad ng kalsada sa lungsod, siya namang ikinakipot ng kalsada sa mga baryo sa Cainta. Tila imbudo ito na nasa pagitan ng isang maunlad na siyudad at bayan na tila napag-iwanan na ng panahon.

Biyernes din ang araw na napaliliguan si Kangkarot ng mga naging drayber nito. Siya ang pinakabunso sa mga supling na dyip ni Lolo pero isa sa pinakamatibay. Bihira itong masira at ibaba ang makina o transmisyon.

Kapag koding ang dalawang dyip ni Lolo, si Kangkarot ang kaniyang dinadala. Agad akong nagpupumilit kay Lolo na sumama kahit na ayaw ni Lola. Pinapayagan naman ako pero napakaraming konsidyon: huwag dudungaw sa bintana, huwag magpapatuyo ng pawis, huwag mangungupit sa baryahan, kumapit nang mabuti, at huwag matulog.

Mahahabang Gabi sa Lansangan

Bilang sa daliri ang mga gabi na ako ang washer o konduktor ni Lolo, isa siguro ako sa pinakabatang tagatanggap ng bayad at tagabigay ng sukli sa mga pasahero, sampung taong gulang pa lamang ako noon. Kaya masasabing minahal ko rin ang Math noong musmos pa ako. Akala ko kasi simpleng add at minus lang ang lahat, hindi pala, nagiging komplikado, humihirap habang nagtatagal.

May mga naikwento pa ngang kababalaghan si Lolo na naranasan niya rin kay Kangkarot habang binabagtas namin ang kahabaan ng Ortigas Ext. Road. Nariyan ang misteryosong sumasakay na babaeng nakaitim tuwing napapatapat ang dyip sa nadaraanang lumang ospital. Talaga nga namang tumitindig ang aming mga balahibo. Ang pakiwari niya, tahimik kasi si Kangkarot kaya malakas ang atraksyon nito sa mga

kaluluwa, wala itong speakers, iba't ibang kulay na ilaw, at mga abubot na katulad ng mga kasabayang patok na dyip.

Paniwalang-paniwala ako, hindi lang pala sa mga lumang bahay ang mga paranormal na insidente, maaari pala itong maganap din sa katahimikan ng mga bagay, katahimikan ng sasakyan na maaaring panahanan ng mga galang-espiritu.

Sa pagitan ng alas-kwatro hanggang alas-singko ng hapon, nagsisimula nang mag-agawan ang mga tao sa pag-aabang ng mga pampasaherong dyip. Sinisikap nila na makasakay agad upang makauwi nang maaga o 'di kaya'y makaabot sa hapunan.

Masaya kami ni Lolo kapag walang patid ang pagsampa at pagbaba ng mga pasahero. Binabantayan ko ang pagbigat at unti-unting pagpuno ng kaha ng barya. Pakiramdam ko ay marami na kaming pera at makakakain na sa Tapsihan ni Babsie sa tabi ng simbahan ng Our Lady of Light sa Cainta.

“Dami na nating pera. Gugutom na ‘ko, kakain na ba tayo?” tanong ko kay Lolo habang kinakapa ang kaha ng baryahan.

“Mamaya. Kapag naka-tatlong ikot na tayo.” Sinenyasan niya ang tikitik vendor at bumili ng limampisong kendi: dalawang Monami, dalawang Maxx, at isang Juicy Fruit. Panawid sa kumakalam na sikmura.

“Sayang kasi ang pasahero. Ano ba ang gusto mo mamaya, tapsi o toci?” hihimasin niya ang buhok ko.

Kapag sumapit na ikapito hanggang ikawalo ng gabi, dagsa pa rin ang mga pasahero mula sa mga nagtataasang gusali sa Ortigas: mga manggagawang nag-overtime sa pabrika ng mga tsitsirya at tela sa kahabaan ng C5 road.

Bago pa makarating si Kangkarot sa simbahan ng Pasig, nagsisiksikan na ang kalalakihan sa estribo kahit na isang kamay lamang nila ang nakakapit sa bakal. Ang mahalaga nakasabit, umuusad. May mga pambihirang pangyayari pang nagmumurahan na at halos magbalyahan maabot lang ang sabitan.

Bagaman malakas ang kitaan sa mga oras na ito, ang matinding kalaban namin ay trapik. Napapailing na rin si Lolo kapag tukod o tila malawak na parking lot na ang mga kalsada, halos walang galawan ang mga sasakyan.

“Marami ngang pasahero, bawing-bawi naman sa krudo, tsk!” sabay kamot sa ulo.

“Walang pagbabago, akala ko si Erap ay para sa mahihirap, pwe!”

Bahagyang titingin si Lolo sa rear-view mirror, pinararaanan niya ng tingin ang mga nakasakay simula pakanan-pakaliwa, babalik sabay sabing, “Yong mga wala pang bayad dyan! Wala na hong libre ngayon, mahal ang diesel.”

Bahagya akong lilingon sa mga taong nakasakay sa loob ng dyip. May mga malalayo ang tingin sa labas, may tulog, may nagkukwentuhan, may nagseselson, at may hirap na hirap dahil kalahating puwet na lamang ang nakaupo, hindi na uubra ang upong seksi.

“Yong mga ayaw magbayad d’yan, magkikita-kita rin kayo sa finish line.” Panay ang parinig ni Lolo sa mga ‘di pa nag-aabot ng pamasaha. Ang totoo kasi, hindi na rin namin alam kung sino na ang nakapagbayad sa hindi.

Kung alas-diyes na ng gabi, nagsisimula na ang pag-aalis ng truck ban. Oras ito na nakagigitgitan ni Kangkarot ang malalaking 10-wheeler na trak, mixers, at cargo. Bumabagal ang daloy ng trapiko sa kahabaan hanggang sa makarating sa Junction na naghihiwalay sa Pasig at Cainta. Tabi-tabi ang mga pabrika, plantasyon, at malalaking warehouse sa mga kalyeng nagsasalubong sa lugar na iyon. Sanay na sanay si Lolo na mapagitnaan ng dalawang malalaking trak lalo na ‘yong mga naglululan ng mga kargamento patungo sa pier ng Maynila.

Hangang-hanga ako sa mga mixer na walang tigil sa paghalo ng mga lulang semento na patungong Rizal na may tatlong dinedebelop na mga subdivision na malapit sa munisipyo ng Taytay.

Minsan ayaw ko nang maniwala kay Lolo na kakain na kami sa ikatlong ikot namin sa ruta ng Pasig-Tatay. Parang napakatagal ng oras. Ibibili pa ako ni Lolo sa daan ng biskwit, kendi ulit, at malamig na tubig. Nabubusog naman ako kahit papaano.

“Kakain na tayo.” Gumuguhit na ang ngiti sa mga labi ko. Naiisip ko na agad ang tustadong tapa, umuusok na sinangag, at mainit na sabaw ng sinigang. Tiyak mapapalaban na naman ako ng kain nito.

Pagkatapos namin kumain ng hapunan sa hatinggabi, masarap humilata sa upuan ng dyip. Kaya lang, iikot pa kami ng isa o dalawa bago tuluyang gumarahe.

Sa pagpapasada namin ni Lolo, nakatutulog din ako kapag kakaunti na lamang ang pasahero at madalang na ang paghinto sa mga sakayan at babaan. Malayong-malayo ito sa abalang mga kalsada na sinusuyod ni Kangkarot sa mga naunang ikot. Tuluyan na nga akong makatutulog kahit na maingay ang mga sasakyan at iba't ibang boses ng taong nagbabayad na si Lolo na ang nagiging washer. Magigising na lamang ako kinabukasan na nasa higaan na.

Bihira kaming sumakay ni Lolo kay Kangkarot pero 'di malilimutan ang mga karanasan sa lansangan. Habang tinatanaw ko ang mundo sa labas ng dyip, bumubuo naman kami ni Lolo ng sarili naming mundo.

Sa Piling ng mga Tsuper

Mas malaking bahagi ng aking pagkabata na ibang mga drayber na ang humawak at masasabi kong pinamilya na rin ni Kangkarot.

Unang drayber ni Kangkarot ay si Ube. Ube dahil mahilig siya sa halaya. Lagi siyang may baong ube araw-araw. Masayahin siyang tao at hindi niya nakalilimutang bahaginan ako ng ube hanggang sa ako na lamang ang naumay at nagsawa.

"Alam mo 'Toy, masarap ang halaya. Kumain ka nito para tumangkad ka pa lalo. Masarap din 'to sa halo-halo." Marahan niyang bubuksan ang plastic para kagatin ang halayang binili sa talipapang may limang kanto ang layo sa amin.

Walang problema sa pakikisama si Ube sa mga drayber kaya lamang ang pintas sa kaniya ni Lolo ay may katamaran sa pagtulong kapag may sira si Kangkarot na bihira namang mangyari. Ika nga ay mahilig gumamit ngunit hindi marunong magsinop. Kaya naman anim o pitong buwan lamang namin siya nakasama.

Sumunod ay si Mang Budoy. Medyo matagal ang inilagi ni Mang Budoy sa amin. Hindi katulad ni Ube, tumutulong siya sa pagkukumpuni kay Kangkarot tuwing may sira ito, masipag din siya na maglinis ng dyip kaya naman kinatuwaan siya nina Lolo noon.

"Naku Mang Domeng! May ingay na ang makina, mukhang kailangan na natin na ibaba ang transmisyon. Malaki-laking gastusin naman." Damang-dama ang kaniyang pag-aalala habang iniaabot kay Lolo ang kaniyang kinita.

“Sige’t utang tayo sa lending para maipagawa na natin.” Ito na ang maririnig kong pag-uusapan nina Lolo at Lola bago matulog.

Kaya lang hindi rin perpekto ang mga tao. Makalipas ang isa’t kalahating taon, madalas na nakaaaksidente si Mang Budoy. Napag-alaman nina Lolo na nakikipag-inuman ito sa mga kapuwa-drayber tuwing huling biyahe niya at doon na nagaganap ang mga aksidente.

May nababanggang poste, minsan naman ay halaman, napapasadsad sa sidewalk, nakasisigawang mga motorista dahil sa hindi pagbibigayan, at ang huli, may nasagasaang bata si Mang Budoy.

Galit na galit si Lolo dahil nakainom si Mang Budoy nang maatasan niya ang batang naglalaro sa maliit na eskinita na malapit sa aming bahay. Mabuti na lamang dahil sugat lamang ang natamo nito, pina-xray lang at binilhan ng gamot nina Lolo. Iyon na rin ang dahilan kaya hindi na pinagbiyahe ni Lolo si Mang Budoy.

Ang huling naging drayber ni Kangkarot ay si Kuya Tolits. Siya rin ang pinakamatagal na nagmaneho kay Kangkarot, mga tatlong taon din.

Sa lahat ng naging drayber namin, si Kuya Tolits ang pinakanakakatawa at naging malapit sa akin. Siguro bata pa rin kasi si Kuya Tolits at sa pagkakaalala ko, bagong kasal lamang siya, nagsisimulang magtaguyod ng pamilya. Matuwain din sa bata si Kuya Tolits.

“May girlfriend ka na ba? Bata ka pa ha.” Ngingitian niya ako at susundutin sa tagiliran.

“Ano ba, Kuya Tolits! Wala po.” Hindi ko talaga maintindihan noon ang sarili ko.

“Yong mga magaganda kong kaklase noon ay hindi ko hinahangaan pero naiinggit ako dahil iba-iba ang kulay ng kanilang mga hair clip at headband.

“Anong oras ba ang uwian ninyo?”

“Alas-tres po, kuya.” Sagot ko.

May mga bihirang pagkakataong isinasakay ako ni Kuya Tolits kay Kangkarot lalo na’t kapag nasasabay ang uwian namin sa eskwela. Panatag ang loob ko kay Kuya Tolits.

Para ko na siyang nakatatandang kapatid. Hindi kasi ako nakaranas na magkaroon ng kumpletong pamilya habang nagkakaisip kaya siguro naghahanap ako ng isang kuya at masasabi kong natagpuan ko iyon kay Kuya Tolits.

Lima kaming magkakapatid na puro lalaki, pangatlo ako. Nang maghiwalay ang mga magulang ko noong 2001, isinama ni Mommy ang mga kapatid ko at ako lamang ang naiwan sa poder ni Daddy.

“Ayoko na, Boy! Kung hindi mo kayang magbago, aalis na lang kami.” Bulyaw ni Mommy. Dumating ang isang nirentahang van at isinakay ang mga gamit namin sa bahay. Nagkamali ako, gamit lang pala nila.

“Baka naman mapag-uusapan pa natin, kahit para sa mga bata na lang.” Pakikiusap ni Daddy habang hinaharangan ang gate.

“Iyang bisyo mo ang problema natin.” Dinuduro-duro ni Mommy si Daddy.

“Nakakasawa na ang ganito, magsashabu ka, magkukutingting, magtutulong, kakain. Paulit-ulit na lang!”

“Pinipilit ko naman na magbago, nahihirapan din naman ako.” Halos nagmamakaawa na si Daddy.

“Ay hindi! Tama na, Boy.” Hinawi ni Mommy ang braso ni Daddy sa gate at kasunod niya ang mga kapatid ko.

“Bahala kayo!” Umalis si Daddy noong araw na iyon. Sinubukan niyang awatin sa pag-alis sina Mommy pero wala na rin siyang nagawa. Tila eksena sa isang teleserye pero nagaganap pala talaga sa totoong buhay.

May sama ako ng loob dahil pakiramdam ko ay pinagkaisahan nila ako. Naitatanong ko tuloy: mahal kaya ako ni Mommy? ng mga kapatid ko? Bakit nila ako iniwan ng mag-isa kay Daddy?

Lumaki rin ako sa pangangalaga nina Lolo at Lola kaya halos wala akong koneksyon sa aking sariling nanay. Kinukulong ako noon sa kwarto para mag-aral at matulog. Hindi ko nakalaro ang mga kapatid ko. Hiwalay na ako noon pa, iba ako sa kanila.

Baka rin dahil sa kapansanan ko kaya ayaw sa akin ni Mommy. Malabo ang mga mata ko, hindi rin gaanong diretso tumingin, may pagkabanlag siguro. Sinisisi nila ang pagiging premature babies namin ng aking kakambal kaya may epekto ito sa akin.

Ayon kay Lola, sakitin na rin ako kaya inako na niya ang pag-aalaga hanggang sa nakasanayan na lamang na palakihin ako nina Lolo.

Kung ang mga ito man ang dahilan kaya nila ako iniwan kay Daddy, matatanggap ko pa pero napakabata ko pa para maintindihan ang mga nangyayari sa aking paligid.

Gusto kong sumama sa mga kapatid ko noon kasi ayoko kay Lolo at Lola dahil bawal ang malikot, bawal ang softdrinks, bawal ang junkfood, at bawal ang maglaro sa labas. Nais ko lang na lumaya noon, hindi dahil sa nais ko silang makasama, sanay na ako na diskonektado.

Ayaw ko kay Daddy, pakiramdam ko siya ang may kasalanan kaya kami nagkahiwa-hiwalay, makasarili siya at bihira naman niya akong kausapin, maliban na lamang kung uutusan niya akong bumili ng sigarilyo, o ‘di kaya ay red horse, minsa’y tawas sa kili-kili.

Nawalan na rin siya ng gana na magpasada ng dyip, isa o dalawang beses na lamang siyang magmaneho at dahil anak siya, hindi na siya nagbibigay ng kita kay Lolo.

Naaalimpungatan ako sa madaling araw kapag umuuwi sa Daddy na may kasamang drayber. May mga anino na naglalaro sa gitna ng kandila, tila nagtatawag ng mga kaluluwa. Kasunod niyon ay usok at nagkalat na foil sa pagdating ng umaga.

May malaking puwang sa pagitan naming kahit na magkasama kami sa iisang bubong. Milya-milya ang distansya.

Napapansin pa kaya ako ni Daddy? Mahal kaya niya ako? Hindi ko na rin nasagot ang mga tanong na ito. Patuloy lang si Daddy sa paggamit ng shabu at may mga pagkakataon pa ngang may mga kainuman siya sa loob ni Kangkarot kapag ito ay koding.

Hindi nga malabo na maging malapit ako kay Kuya Tolits. Kahit papaano’y nakatagpo ng pamilya sa piling ng mga tsuper.

Biyahe Namin ni Kuya Tolits

Kapag tinutukso ako sa eskwela dahil sa pagiging malambot at lampa, wala akong mapagsumbungan dahil hindi naging malapit ang loob ko kay Daddy. Natatakot din akong magsabi kay Lolo dahil baka isipin niya na bakla ako; tiyak na lalatay na naman sa puwet ko ang kaniyang sinturon tulad nang nahuhuli niya ako na naglalaro ng mga manikang papel at sumasayaw ng sexbomb novelty songs. Magkasundo kami ni Lolo pero alam kong may hindi kami mapagkasusunduan, naaalala ko iyon lalo na't kung sinasabi niya ito:

“Kaya mag-aral ka nang mabuti. Kapag tapos ka, makakapag-asawa ka ng maganda at mabubuhay mo ang mga magiging anak mo.” Hindi ako kikibo at tanging pagtango lamang ang kaya kong maitugon.

“Toy, sabay ka na! Isasabay na kita sa pag-uwi.” Sigaw ni Kuya Tolits habang pinapagpag ang harap na upuan sa tabi ng drayber.

Kapag isinasabay niya ako pauwi mula sa eskwela, nakasasama pa ako sa huli niyang ruta para sa araw na iyon. Ililibre niya pa ako ng Burger Machine at palamig bago gumarahe nang hindi na malalaman pa nina Lolo dahil tiyak pagagalitan ako. Hindi naman kasi ganoong kalaki ang kinikita ng mga drayber na katulad ni Kuya Tolits.

“Mang Domeng, matumal ang pasahero sa hapon, lugi kapag takbo lang nang takbo.” Patuloy siya sa pagbilang sa kaniyang kinita. “Maliit na naman ang matitira sa akin.”

Apat na piso pa lamang ang pamasaheng noon. Mapalad na kung nasa limandaang piso ang kitain ni Kuya Tolits. Tatlondaang piso ang kita na ibibigay kay Lolo, dalawandaang piso ang iuuwi sa pamilya. Hindi pa kasama rito ang krudo.

Naikukuwento sa akin ni Kuya Tolits ang kaniyang kabataan at habang nakasakay kami kay Kangkarot, itinaturo niya sa akin ang kaniyang dating paaralan, kalyeng kinalakhan, dating bahay, dating palaruan, at iba't ibang lugar na may mga alaala siya na maibabahagi.

“Dati, bukurin lang ‘yan.” Tatanawin niya ang Ever Gotesco Ortigas.

“Ang laki nga Kuya ng mall na ‘yan. Gumagala kami ni Lolo d’yan kapag linggo.” Pinagmamasdan ko ang mga taong labas-masok sa mall at ang mga sumasakay sa amin na ‘di magkandaugaga sa dalang mga pinamili.

Salitan ang pagtanaw ko sa mga lugar na kaniyang itinaturo at sa kaniyang mukha. Napansin kong may kakisigan din siya. Hindi siya gaanong maputi ngunit bagay ang kaniyang kutis sa kaniyang pangangatawan. Bahagyang matitigas at mabibilog ang kaniyang braso at malalim ang buto niya sa balikat.

Bagaman moreno, malinis siyang tingnan dahil sa kaniyang gupit at pag-aalaga sa kaniyang mukha. Tatlong beses siyang maghilamos: sa umaga, bago pumasada; sa tanghali kapag dinaanan niya ako sa eskwela, makikihugas siya sa isang karinderya; at sa gabi, bago siya tuluyang umuwi sa kanila.

Mabango rin si Kuya Tolits dahil ayaw niyang napapawisan lalo na kung tanghaling-tapat at nasa kalye siya. May dala siyang pulbos palagi sa maliit niyang pouch. Minsan, ipinakita niya sa akin ang pabangong binibili niya. Mumurahin lang ito ngunit nagtatagal ang amoy kaya naman nagpabili rin ako nito kay Lola.

Pinagtalunan pa namin ni Lola ang pabango dahil sa simula, ayaw pa ni Lola dahil may ginagamit na siya para sa akin. Ilang pagdadabog pa at pangungulit, naibili rin ako.

“Ang init ngayon, aba!” reklamo ni Kuya Tolits.

“Lagyan mo nga ako ng pulbo sa likod.” Iniabot niya sa akin ang pulbo at maliit na bimp.

Banayad kong pinunasan ang kaniyang likod at naglagay ng kaunting pulbos.

“Toy, damihan mo. Mahaba-haba pa ang araw. Papawisan pa ako.” Isinauli ko sa kaniya ang pulbos at tuwalya.

“Salamat ha.” Guguluhin niya ulit ang aking buhok.

Isa hanggang tatlong beses niya lang akong naisakay at naisama sa kaniyang biyahe ngunit parang ang dami na naming napag-usapan at kahit bata pa ako noon, nauunawaan ko na ang kaniyang mga ikinukwento sa akin, alam ko.

“Nakita mo ba ‘yang simbahan na iyan? D’yan daw ako bininyagan.”

“E, iyang bakanteng lote na ‘yan? D’yan ako ako tumatakbo ng hubo’t hubad noong bata pa ako.”

“Naku, sa kantong iyon, sa may tindahan ng burger ko nakilala ang misis ko.”

“Alam mo bang dating ospital daw ang Rizal High School?”

“Sa daang ‘to, sinasamahan ko ang tatay ko sa pagtitinda ng scramble.”

Masaya ako sa mga bihirang pagkakataon na iyon. Hanggang sa natagpuan ko na lamang ang aking sarili na humahanga sa kaniya, gusto kong nakikita ko siya bago pumasok o 'di kaya'y sa gabi kapag mag-aabot na siya ng kita kina Lolo.

Bago mag-alas-nuwebe ng gabi, pupunasan na ako ni Lola. Mabilis akong tatakbo sa tokador at dadamputin ang pares ng sando at salawal. Magbibihis, haharap sa salamin, manunuklay, magpupulbos sa likod, sa dibdib, at sa leeg. Namumuti ako sa pulbos at saka maglalagay ng pabango sa likod ng tenga, ipapahid sa damit, sa buhok, at sa magkabilang-balikat.

Gusto kong naaamoy ako ni Kuya Tolits.

“Uy! Ang bango ha, parang alam ko ang amoy ng cologne mo ha.” Asar niya sa akin habang sinasadya kong magpalakad-lakad malapit sa kaniya upang lalo niya akong maamoy.

May kiliti at galak akong nararamdaman kapag palihim niyang ibinibigay ang pasalubong niyang limang piraso ng Stick-o at Zest-o sa akin.

“H'wag mo na lang sasabihin kina Lolo mo ha, mag-aral ka nang mabuti.” Nakangiti niyang tatapikin ang aking balikat.

“Sa-salamat, Kuya.” Wala na akong masabi pa. Galak na galak ako.

Tatakbo ako papasok ng kuwarto at palihim kong kakainin ang kaniyang pasalubong.

“Crush kaya ako ni Kuya Tolits?” tanong ko sa aking sarili, “Sana bukas ulit, excited na ako!”

Patago kong sinusulyapan ang kaniyang pagpapaligo kay Kangkarot. Sasabuyan niya ito ng tubig at saka niya ito panggigigilan na hagurin ng basahang may sabon na tila naghihilod ng katawan.

Paroo't parito siya sa paghuhugas at hindi niya tinitigilan hangga't may nakikita siyang dumi at alikabok. Basang-basa ang loob at labas ng dyip at pati siya ay tila naligo na rin.

Maya-maya pa'y tatanggalin niya ang kaniyang kamiseta at mas nakagagalaw siya nang maayos. Galit na galit ang kaniyang kalamnan at braso kapag inaabot niya ang bubungan ng dyip at ang mga singit-singit nito. Alam kong walang ibig sabihin ang taimtim kong panonood pero alam ko na itinatangi ko na ang taong ito.

Saboy ng tubig dito, saboy ng tubig doon.

May mga sandaling napatitingin siya at kumakaway, tinatanong niya ako kung sasama ako sa kaniya sa pagpapasada. Alam kong 'di papayag si Lola kaya naman umiiling lamang ako. Halos mapipi ang plastic straw sa pagkakakagat ko habang iniinom ang juice sa tetra pack.

Sa mga drayber na nagdaan kay Kangkarot, si Kuya Tolits ang may pinakamalasakit. Naririnig ko kasing sinasabi niya kay Lolo na nagpaluwal o nag-abono siya ng piyesa na kinakaltas sa kita.

Inari ni Kuya Tolits na kaniya si Kangkarot habang inari ko rin ang mga pira-pirasong alaala na kasama siya.

Hanggang sa isang araw, hindi na nagpakita si Kuya Tolits. Lumakad ang mga araw at linggo, nabalitaan na lang namin ang sinapit ni Kuya Tolits. Hindi alam nina Lola kung paano nila sasabihin sa akin.

Tandang-tanda ko pa na dahan-dahan nilang sinabi sa akin ang pagkawala ni Kuya Tolits.

"Miss mo na ang Kuya Tolits mo, 'di ba?" Pinipilit ni Lola na ngumiti ngumit may pait. "Opo!" Masigla kong tugon, "Hindi na nga niya ibinibiyahe si Kangkarot e, hindi na rin niya ako pinupuntahan para bigyan ng Stick-O at Ze..."

Natigilan ako dahil sikreto pala namin ni Kuya Tolits ang bagay na iyon.

"Wala na si Ku-kuya mo, nasa langit na si Kuya Tolits mo." Niyakap agada ko ni Lola. Pumiglas ako at tinanong ko, "Totoo ba 'yan? Bakit? Pa'no po?"

“Dahil sa bangungot.” Hindi pa rin ako malinawan, para akong binuhusan ng malamig na tubig. Nangingilid na ang mga luha.

“A-ano po-po ang ba-bangu-ngot?” Humihikbi ako na nagtatanong habang hinihila ko ang braso ni Lola.

“Masamang panaginip ‘yon.” Tila may pananakot na tono ni Lola. “Kaya h’wag kang matutulog na busog.”

Aaminin kong may lungkot at pangghihinayang na hindi na muli kami magkikita at hindi na niya ako maisasama sa kaniyang pagbabaliktanaw sa mga lugar na aming nadaraan. Nawalan ako ng kuya, ng kapatid, at ng hinahangaan. Iniisip ko na lang na nauna na siyang makarating sa destinasyon na mararating ko rin pagdating ng araw.

“Mabait si Tolits. Nasa langit na siya.” Pangkalma sa akin ni Lolo dahil batid niyang malapit ako sa binata. Kung alam niya lang ang nararamdaman ko.

Wala nang sumunod na nagmaneho kay Kangkarot. Dahil sa hindi na nga nagagamit, dumarami na rin ang sakit nito, walang linggo na hindi ito nagloloko. Sinubukan ng mga nakatatanda kong kapatid na ibiyahe si Kangkarot ngunit tila nangangamuhan ito, nakikipagpalagayan ng loob.

Animo'y may damdamin si Kangkarot. Kapag naaalala ko si Kuya Tolits, tumatambay lang ako sa upuan ng drayber at binabalasa ko ang mga signage na nasa harapan ni Kangkarot. Hindi pa rin ako lubos na makapaniwalang nagtatapos na ang aming biyahe ni Kuya Tolits.

Makarating Din sa Destinasyon

Sa malalamig na gabing nangungulila ang aking ama sa aking ina at mga kapatid, nilulunod niya ang kaniyang sarili sa alak at gagapang pauwi ng bahay. Makasasampa pa siya kay Kangkarot, doon na susuka at makatutulog na ikaiinit naman ng ulo ni Lolo sa umaga. Magkasasagutan ang mag-ama. Paulit-ulit na mangyayari ito sa loob pa ng maraming linggo at buwan.

Sa malalamig na gabi rin ng pangungulila kay Kuya Tolits, ang mga kwentuhan at kulitan namin, nilulunod ko ang aking sarili sa pag-iyak.

Kaya isang gabi, inabutan ako ni Daddy na nakaupo sa upuan ng drayber ni Kangkarot.

“Malungkot ka rin?” Amoy alak ang hininga ni Daddy. “Akala mo, si-siguro hindi kita nakikita na umiiyak dito 'no?”

Hindi ko mabuksan ang aking mga labi. Ano ba ang sasabihin ko? Kailan ba kami huling nag-usap? Hindi ako makagalaw sa aking pagkakaupo, sana mag-time travel na lang ako bigla o bigalang mag-teleport.

“Gusto mo bang dalawin natin ang Mommy at mga kapatid mo?” Nilagok niya ang natitirang laman ng bote ng alak na hawak niya.

“P-p'wede po.” Walang emosyon, walang koneksyon.

“Miss ko na ang Mommy mo, miss ko na ang mga kapatid mo.” Malalim na buntong-hininga ang kaniyang pinakawalan. “Alam ko naman na mali ako, nagkamali ako pero...” Nababasag ang kaniyang tinig, “P-pero sobra naman yata na i-iwanan nila a-ako, sukuan nila a-ako.”

Nakita ko nang umiyak si Daddy noong maghiwalay sila ng Mommy ko, pero iba ang iyak niya nang mga sandaling ito.

“Okay lang na umiyak ka, bata ka pa para magpigil na umiyak.” Ibinaba niya ang basyo ng bote. Tumingin sa rear-view mirror ni Kangkarot, tumingin muli sa akin, hinagip ng sulyap ang manibela, at ibinaling muli ang paningin sa akin.

Hindi ko na nga napigilan, humagulgol ako. Ano'ng dahilan? Hindi ko rin alam, may mga bagaheng kailangang mabuksan at bitiwang. Mas gumaan ang pakiramdam ko dahil may kasama ako sa pagharap sa sakit at paghahanap ng karamay.

“Nak, alam ko naman, kaibigan, kapatid at higit pa tingin mo sa Kuya Tolits mo.” Ipinatong niya ang kaniyang mga kamay sa balikat ko. Wala akong maisagot. Matagal na katahimikan. Nahihiya ba ako? Natatakot?

Naninigas ang buong katawan ko pero nanlalambot ang kalooban ko.

“Alam ko naman...” Tumingin siya sa ibaba, muling pinagmasdan ang aking mukha, “Malaki ka na, kailangan na laging masaya.” Nakadama ako ng hindi maipaliwanag na kaghinhawahan, katiyakan at kaligayahan. Hindi ko malilimot ang gabing iyon, napakatahimik ngunit may sinasabi.

Kinabukasan, niyaya ako ni Daddy na sumama sa kaniya. Pinainit niya ang makina ni Kangkarot at tinawag niya ako.

“Nak, sabay ka na! Ihahatid na kita sa iskul” Sigaw ni Daddy habang pinapagpag ang harap na upuan sa tabi ng drayber.

Ngiti ang aking isinagot at pakendeng-kendeng na lumakad papalapit kay Kangkarot. Pagkahaba-haba man ng mga biyahe at mabibigat man ang dalang bagahe, makararating din sa destinasyon.

TUNGKOL SA AWTOR

